# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #5

*Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG/FOODSAFETY

**OAR 333-150-0000, KABANATA 2-201.11-13**

**2-201.11 Responsibilidad ng may Hawak ng Permit at Nangangasiwa**

**2-201.12 Mga Pagbubukod at mga Paghihigpit**

Dapat huwag papasukin at higpitan ng nangangasiwa ang empleyado kung:
(A) Maliban kung ang sintomas ay mula sa hindi nakakahawang kondisyon, huwag papasukin ang empleyadong mayroon ng alinman sa mga sumusunod na senyales o mga sintomas:
(1) Pagsusuka;[P]
(2) Pagtatae;[P]
(3) Pananakit ng lalamunan na may kasamang lagnat;[P] o
(4) Paninilaw.[P]
(B) Huwag papasukin at higpitan ang empleyado na mayroong sugat na may nana na bukas o tumutulo at:
(1) Sa mga kamay o pulso, maliban kung ang pinoprotektahan ng hindi tinatagos na pantakip ang sugat at ang pang-isahang guwantes ay isinuot sa ibabaw ng hindi tinatagos na pantakip;[P]
(2) Sa nakalantad na bahagi ng mga braso, maliban kung ang sugat ay protektado ng hindi tinatagos na pantakip;[P] o
(3) Sa ibang mga bahagi ng katawan, maliban kung ang sugat ay natatakpan ng tuyo, matibay, at mahigpit na benda.[P]
(C) Huwag papasukin ang empleyado kung ang sila ay nasuri ng propesyonal sa kalusugan o ipinapalagay na may:
(1) Norovirus;[P]
(2) Hepatitis A virus;[P]
(3) Shigella spp.;[P]
(4) Enterohemorrhagic o Shiga Toxin-Producing E. coli;[P] o
(5) Salmonella Typhi.[P]

**2-201.13 Pag-aalis ng mga Pagbubukod at mga Paghihigpit**

**MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:**

Maraming sa mga sakit na nagdudulot ng pagtatae o pagsusuka ang naipapasa mula sa mga may sakit na manggagawa sa pagkain tungo sa mga kostumer. Ang pagbubukod o paghihigpit sa mga may sakit na empleyado mula sa paggawa ng pagkain ay isa sa kritikal na salik upang maiwasang magkaroon ng sakit na dala ng pagkain sa iyong pasilidad. Ang iba pang dalawang salik ay ang wastong paghuhugas ng kamay at ang hindi paglapat ng kamay na walang guwantes sa pagkaing handa nang kainin.

## Patakaran sa Pagkakasakit ng Empleyado

Mayroon ka bang nakasulat o berbal na Patakaran sa Pagkakasakit ng Empleyado? Kung wala, kailangan mong magkaroon nito upang maiwasan ang sakit na nauugnay sa pagkain na kontaminado ng may sakit o nahawahang empleyado. Ang taong nakatoka at mga empleyado ay dapat pamilyar sa Patakaran sa Pagkakasakit ng Empleyado at kayang magbigay ng impormasyon kapag nakapanayam ng mga namamahala sa pasilidad o mga opisyal ng regulasyon.

**Binubuo ng tatlong bahagi ang isang magandang Patakaran sa Pagkakasakit ng Empleyado:**

1. Pananagutan ng Pangasiwaan na ipaalam sa mga empleyado ang Patakaran sa Pagkakasakit ng Empleyado at na sanayin ang mga empleyado tungkol sa mga sintomas at mga pagkakasakit.
2. Dapat makilala ng empleyado ang mga sintomas ng sakit na dala ng pagkain at malaman na pananagutan niyang iulat ito sa pangasiwaan kung mayroon siya ng alinman sa mga sintomas na nakalista sa ibaba.
3. Ang plano ng pangasiwaan na higpitan o huwag papasukin ang mga empleyado na mayroong mga sintomas, nasuri, o nalantad sa sakit na dala ng pagkain.

Ang mga sintomas ng sakit na dala ng pagkain ay alinman sa sumusunod:

- Pagtatae
- Pagsusuka
- Pananakit ng lalamunan na may kasamang lagnat
- Paninilaw (paninilaw ng mga mata at balat)
- Mga naimpeksyong hiwa o paso sa mga kamay o braso

Hindi maaaring bumalik sa trabaho ang mga empleyado nang hindi bababa sa **24 oras** pagkatapos mawala ang mga sintomas na pagsusuka, pagtatae o lagnat na may pananakit ng lalamunan.



***Ginagamit ng maraming tao ang terminong 'trangkaso sa tiyan' para ilarawan ang kanilang mga sintomas***

Huwag papasukin o higpitan ang mga empleyado mula sa pagseserbisyo ng pagkain, kung nasuring mayroon sila ng alinman sa mga sumusunod:

- E.coli O157:H7
- Salmonella typhi
- Shigella
- Hepatitis A
- Norovirus

Makikita ang higit pang impormasyon sa: http://www.fda.gov/food/guidanceregulation/retailfoodprotection/industryandregulatoryassistanceandtrainingresources/ucm266434.htm; ang Code ng Pagkain ng FDA 2009, Karugtong 7; sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong Lokal na Kagawaran ng Kalusugan.



Oregon Health Authority